

## Pagdalumat ng mga Nagwaging Piling Siday sa Leyte at Samar

Annabelle L. Balderian, EdD<sup>1</sup>, Rowena C. Largo, EdD<sup>2</sup>  
Leyte Normal University<sup>1</sup>, Cebu Normal University<sup>2</sup>  
bellebalderian@gmail.com<sup>1</sup>, wenz\_largo@yahoo.com<sup>2</sup>

Asia Pacific Journal  
of Management and  
Sustainable Development  
Vol. 9 No. 2, 23-30  
October 2021 Part III  
ISSN 2782-8557 (Print)

Date Received: September 8, 2021; Date Revised: October 31, 2021

**Abstrak-** Ginamit sa pag-aaral na ito ang pamamaraang kwalitatibong pananaliksik sa anyong Content Analysis. Batay sa pagsusuri, napatunayan na karamihan sa mga siday ay tulang liriko ang uri at sinundan ng tulang pangkalikasan. Sa diwa, nagpapakita na ang mga Waray ay mapamaraan at mahilig sa kasiyahan, nagpapahayag ng damdamin, at kinapapalooban din ng karanasan ng mga tao sa pang-araw-araw na buhay. Parehong nanguna ang estilong panarili at kombersesyonal samantalang sa tayutay ay nanguna ang pagmamalabis, pangalawa ang pagtutulad na sinundan ng alegorya, personipikasyon, pasukdol, pagsalungat at pag-uulit. Mayaman sa kultura ang mga Waray gaya ng mahilig sa kasiyahan, mahilig magdala ng tirang pagkain, pagbisita sa kasintahan, maramdamin, sakripisyo, mapangarapin, bukas sa pagbabago, pagmamalasakit, pakikipagsapalaran at pagpapahalaga sa tagubilin. Kaya masasabing ang mga nagwaging siday ay tulang liriko ang uri, kinapapalooban ng iba't ibang diwa, estilong panarili at kombersesyonal, iba't ibang tayutay, at hitik sa kulturang Waraynon.

**Mga Susing Salita:** pagdalumat, nagwagi, siday, sangkap, kulturang Waraynon

### INTRODUKSIYON

Isa sa mga natatagong yaman sa panitikan ng Silangang Bisaya ay mga tula na kinatha ng mga makata mula sa Leyte at Samar. Makikita sa mga tulang Waray ang maharayang isipan at mayamang kultura ng Rehiyon 8.

Ang paglikom ng mga nagwaging tula o siday at pag-aanalisa sa mga ito ay magbibigay kabatiran sa mga Waraynon at iba pang mamamayan sa magaganda at natatanging literatura ng rehiyon. Dahil dito, higit na tatangkilikin ang mga akdang naisulat at mahihikayat ang mga mambabasa lalo na ang mga kabataan sa bagong henerasyon na mataas ang pagkahumaling sa mga *gadgets*, paglalaro ng mga *online games*, mas mahaba ang oras sa paggamit ng *social media* gaya ng Facebook, Twitter, gumagawa ng TikTok o di kaya Memes, marami pang alam ang kabataan tungkol sa mga *online* at hindi na napapahalagahan ang pagbabasa ng mga akda na sariling atin. Kaya, ang pag-aaral na ito ay makatutulong at mapauunlad na gumawa ng sarili nilang obra at patuloy na pahalagahan at mapreserba ang kultura ng mga Waray.

Sinusuportahan ng teoryang pormalistiko ang pagsusuri sa mga sangkap ng tula sa pag-aaral na ito. Ayon kay Bogel [1], "*Criticism should emphasize the*

*formal features of the text being analyzed – language, figures of speech, grammar and syntax – in order to focus on “literary specificity,” the linguistic or verbal character of literary works*". Ang dapat bigyang-tuon sa pagsusuri ay ang anyo ng tekstong susuriin partikular ang wika, tayutay, gramatika at sintaks upang maipokus sa "*literary specificity*", ang linggwistik o berbal na katangiang taglay ng isang akda.

Ang tula sa wikang Filipino ay katumbas sa wikang Waray ng siday. Ayon kay Abuyen [2], "an siday amo an usa ka porma hin arte ngan panurat". Ang Siday ay isang anyo ng sining sa pagkatha o pagsulat. Ito ay nagsisilbing daluyan upang hasain ang talento at ipakita ang pagiging malikhain. Nabanggit ni Gracio mula sa aklat ni Romualdez [3], na sa gitna ng pamamayani ng wikang Ingles, ang wika ng mga bagong mananakop, inorganisa ng kanyang kapwa manunulat na Waray ang Sanghiran san Binisaya o ang Akademya ng Wikang Bisaya noong 1909. Layunin ng Sanghiran na payabungin at pagyamanin ang Wikang Waray. Nagsagawa ang Sanghiran ng mga panayam at patimpalak gamit ang wikang Waray.

Pinag-ukulan ng pansin ang pagsusuri sa mga nagwaging siday sapagkat ang mga ito ay dumaaan na

sa proseso ng pagkilatis at pumasa na sa mga pamantayan na itinakda ng mga lupon ng inampalan mula sa iba't ibang patimpalak. Pinaniniwalaan na ang mga obrang ito ay nagtataglay ng natatanging katangian at mataas na kalidad bilang akdang pampanitikan na dapat tuklasin at magandang gamitin bilang mga halimbawa sa pagtuturo ng tula. Dahil dito, mahihikayat ang mga mamamayan na kumatha rin ng sariling obra nang sa gayon ay lalong mapaunlad ang wikang Waray at patuloy na yumabong ang kultura ng lugar. Ang pagtutuo ng pansin sa panitikan partikular sa mga Siday na siyang pokus sa pananaliksik na ito ay magiging daan upang buhayin, sariwain at alamin ang panitikan at kultura ng Rehiyon 8. Naniniwala ang mananaliksik na ang pagdalumat ng mga Siday ay kasasalaman ng pamumuhay, paniniwala, ideolohiya at maging damdamin ng mga Waray.

### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang sampung nagwaging Siday sa Rehiyon 8 na mabigyang kasagutan ang sangkap ayon sa: uri; diwa; estilo at tayutay at kulturang Waraynon.

### METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pamaraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* sa mga nagwaging siday sa Leyte at Samar. Angkop gamitin ang kwalitatibong pamaraan ng pananaliksik dahil ang mga datos na nakalap sa pag-aaral ay mga teksto

partikular ang mga nagwaging siday. Gaya ng paliwanag ni Abadiano [4], nakasalalay sa paglikom ng mga kwalitatibong datos tulad ng mga salita at larawan ang kwalitatibong pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ang teksto o mga salitang nakapaloob sa mga nagwaging siday na nakalap ang sinuri. Ginamit ang pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* sa pag-aaral na ito dahil nakatuon ang pagsusuri sa nilalaman ng teksto o akda gaya ng mga nagwaging siday partikular sa mga sangkap na taglay nito tulad ng uri, diwa, estilo, at tayutay gayundin ang kulturang nakapaloob. Paliwanag pa ni Kerlinger [5] madaling isagawa ang pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* dahil napakabisang paraan ito sa pagkilatis o pagtataya ng tekstong sinusuri. Ang pagsusuri sa mga nagwaging siday ay dumaan din sa pagkilatis at pagbusisi ng mananaliksik at pinagtibay ito ng tatlong *validators* upang matiyak ang katumpakan nito.

Ang pagsusuri sa mga nagwaging Siday ay ang pagsusuring panliteratura na nakapokus sa mga sangkap ng tula ayon sa uri, diwa, estilo at tayutay gayundin ang kulturang nakapaloob sa bawat akda. Malaking ambag ng pag-aaral na ito sa larangan ng edukasyon dahil nagbibigay ito ng kamalayan at kahalagahan ng sariling panitikan.

### RESULTA AT PAGTATALAKAY

Makikita sa talahanayan 1 ang sampung nagwaging Siday at ang mga sangkap ng tula na nakapaloob sa mga ito tulad ng uri, diwa, estilo at tayutay gayundin ang bahagi ng saknong.

#### Talahanayan 1 Mga Sangkap ng Tula

Mga Siday	Uri	Diwa	Bahagi ng Saknong	stilo	Tayutay	Bahagi ng Saknong
1. An Maupay ha mga Waray	Tulang Liriko	Ang mga Waray ay mapamaraan at mahilig sa kasiyahan	Kun hinuhuban inin akon dughan sugad hiton medyahan, dayon ko ini inaalang didto kanda Mana Semang (Mana Semang, ilista la anay.)	Panarili	Pagtutu-lad	Kun hinuhuban inin akon dughan <b>sugad</b> hiton medyahan,
2. Salin	Tulang Liriko	Ang pagkayamot ng maybahay at ayaw niyang dalhan pa siya ng kahit na anong tira.	Ginlimpyohan ko an lamesa Ha <i>plastic</i> nga supot ginbutang an imo dara. Ikalilipay ini han mga ayam ni ugangan. Ngan tikang yana, ayaw na'k dad-i hin bisan ano, kun salin la ito.	Panarili	Alegor-ya	Ngan tikang yana, ayaw na'k dad-i hin bisan ano, kun <b>salin</b> la ito.
3. Pamisita	Tulang Liriko	Ang pagbisita ng binata sa kanyang nobya na nasa kabaong na.	An ak' luha, Tumuro tikang han nag-aarum nga mga mata. Makurihay na pag-atubang hinin salaming, Bawbaw han iya nawong.	Panarili	Pagtutu-lad	Haropoy inin dughan, Sugad hinin kaagahan.

## Balderian at Largo, Pagdalumat ng mga Nagwaging Piling Siday sa Leyte at Samar

4. Pagnguyngoy han Dughan	Tulang Liriko	Ang labis na pagdaramdam ng binata sa pagkabigo niya sa pag-ibig ng dalaga.	Ayaw na gad pagbantara mga saad nga nagtingka bis-igan mo man mga luha dugang la mapapara.	Komber-sesyonal	Pagma-malabis	Pabay-i ak' mamus-ak matigmaok han lilipak gabay pa ak' matigbak kun di' ka para ha ak'.
5. Kapaitan	Tulang Liriko	Ang iba't ibang uri ng pait na nararanasan sa buhay	Nailub ko an pait han Palyawan nga ginamit Ha paglutas ha akon Sugad nga minasus-an.	Panarili	Pagma-malabis	Oo, iilubon ko it tanan Nga kapaitan bis pa hira Pagtirimpuhon basta Ha baba la paagihon.
6. An Imo Ginanghaw	Tulang Liriko	Ang pag-aasam ng binata na maramdaman din niya ang nararamdaman ng kanyang sinisinta.	Unta, an nagawas nga hangin tikang ha imo ironng mahinggot ko liwat para ako makasaro hin butang nga tikang ha imo dughan.	Komber-sesyonal	Pagma-malabis	Mautok nala ako hasta ha katapusan.
7. Ikaw, Haiyan	Tulang Pangka likasan	Ang mga naganap at nararanasan noong bagyong Haiyan.	Ginpadakmol mo an dampug ha kalangitan ngan, samtang nag-iiritum, iginsariyab mo ha kapatagan.	Komber-sesyonal	Personipikasyon	<b>Gintirok</b> mo an maaso nga hangin ngan, pagkusog han huyop, iginlapirit mo ha mga bablay.
8. Para han mga Tudlo nga Naglara Hinin Akon Duyan	Tulang Liriko	Ang kahirapang nararanasan sa pamumutol ng uway na ginagamit sa paggawa ng duyan.	Natusok ka, natunok ha pagpulod han uway. Napilasan ka, nasamaran ha paglara han uway samtang ako didi hini nga duyan, "Hay, kaupay!"	Komber-sesyonal	Pasuk-dol	<b>Napilasan</b> ka, <b>nasamaran</b> ha paglara han uway samtang ako didi hini nga duyan, "Hay, kaupay!"
9. Panamilit	Tulang Liriko	Ang pag-alis upang makipagsapalaran,	amo nga mapadayon ako ngadto ha kahigrayóan mamimiling hin bag-o nga mga nawong hámot pitik han dúghan.	Panarili	Pagsalungat	Sanglit ayaw kabído Kun ako magpahirayó. <b>Nálakat ako Basí umóli ha imo.</b>
10. Ayaw Pagpuvla An Tuog	Tulang Pangka likasan	Ang tagubilin ng lolo na hindi putulin ang Tuog dahil may nakatirang kakaibang nilalang.	Ayaw Pagpasipara Pagpulod San Tuog Dida sa Igbaw San sapa Kay tugon Ni Apoy Nga iton Atamanon Sugad san iya saad San naistar nga diri sugad sa aton.	Komber-sesyonal	Pag-uulit	Ayaw <b>pagpasipara pagpulod</b> san dida san igbaw san sapa.

### Uri

Ang uri ay klasipikasyon ng siday kung ito ay tulang liriko o tula ng damdamin at nagpapahayag ng nadarama ng makata o ng ibang tao at karanasan sa buhay, at tulang pangkalikasan na naglalahad ng mga kaisipan hinggil sa kalikasan, paligid at mundong ginagalawan ng tao.

Ang mga nagwaging Siday ay nabibilang sa dalawang uri ng tula. Ang Siday na pinamagatang "An Maupay ha mga Waray", "Salin", "Pamisita", "Pagnguyngoy han Dughan", "Kapaitan", "An Imo Ginanghaw", "Para han mga Tudlo nga Naglara Hinin Akon Duyan", at "Panamilit", ay nauuri sa Tulang Liriko. Ang mga nabanggit na Siday ay naglalahad ng mga karanasan at damdamin ng makata. Samantala, ang Siday na pinamagatang "Ikaw, Haiyan" at "Ayaw Pagpuvla an Tuog" ay nauuri bilang Tulang Pangkalikasan. Ang dalawang Siday ay kapwa naglalaman tungkol sa

kalikasan. Sa sampung nagwaging Siday, walo ang nauuri sa Tulang Liriko at dalawa ang kabilang sa Tulang Pangkalikasan. Samakatwid, masasabing karamihan sa mga nagwaging Siday ay Tulang Liriko ang uri.

Inilahad ni Aurillo [6]- Nibalvos [7], ang wikang Waray o Winaray ay siya nang ginagamit noon pa ng mga tao sa Silangang bahagi ng Bisaya partikular ng Leyte at Samar. Sabi pa niya. "Iton Waray o Winaray ngaran nga kadaan ug hin-aaraan na hiton mga taga Sinirangan han Leyte ug Samar nga kita denhi nga parte han nasud amo an ira tinatawag nga mga Waray, nga an yinaknan diri Waray-Waray kundi Winaray". Ito ang wikang ginagamit sa pagpapahayag ng mga Waraynon sa kanilang araw-araw na buhay na narapat na pahalagahan at pagyamanin upang patuloy na umunlad. Sa chapbook ni Cruzada [8], binanggit niya ganitong pahayag:

*"An aton yinaknan duro na hin kamasakiton. Nagkikinahanglan han aton panimangno ug pagmayuyo*

*basi diri mamatay an tunog han aton dila nga nakakahimo pag-asoy han mga kalipay ug mga kasakit han aton kasingkasing”.*

Nais bigyang-diin ni Makabenta sa kanyang pahayag ang nanghihina at napapabayaang dayalekto ng mga Waray na inihambing niya sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman. Kaya kailangan itong pangalagaan at pagyamanin upang patuloy na mabuhay nang sa gayon ay maipadama natin ang masasaya at malulungkot na nararamdaman ng ating puso. Isa sa mga paraan upang umunlad ang wika ay ang patuloy na paggamit nito sa pakikipagtalastasan at sa pagkatha ng mga akda. Sa pamamagitan nito ay mabubuhay at mapagyayaman ang wika at magiging daan upang maipakilala ang kultura na mayroon ang rehiyon.

Ang pagtutuon ng pansin sa tula ay isang kahingian lalo na sa panitikan upang mahasa ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa isang akda. Kapag hindi lubos na nauunawaan ang kabuuan ng isang akda, mawawalan ng interes na basahin o pahalagahan ito. May kinalaman ang konsepto sa pananaliksik na mahina o nasa pagitan ng 50 hanggang 60 bahagdan lamang ang antas ng marka ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakaabot sa lebel ng pagkatuto at wala silang sapat na kakayahan sa pagsusuri ng tula, ngunit isang-kapat sa buong populasyon ng mga respondent ang naging mahusay o umabot sa tamang lebel ng pagkatuto.

Malaki ang kaugnayan ng pagtukoy sa uri ng tula sa pagtuturo sa larangan ng panitikan sapagkat bago pa man alamin at suriin kung ano ang nilalaman ng isang akdang pampanitikan ay marapat na magkaroon muna ng kabatiran kung ano ang kahulugan at ang uri nito tulad ng tulang Liriko at iba pang uri at sangkap ng tula. Dahil dito, mas magiging madali ang pagkaunawa sa akda kapag alam ng magsasagawa ng pagsusuri ang kaligiran ng susuriing teksto. Gayundin sa pagtuturo, kailangan ang tiyak na layunin at malawak na kaalaman ng guro sa bawat paksa upang maihanda ang mga mag-aaral sa produktibong talakayan at aktibong lumahok sa mga gawaing nakalaan dahil naiintindihan ang paksa.

Ang pagbatid sa uri ng tula ay mahalaga bilang unang hakbang sa gawaing pagsusuri lalo na ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kolehiyo upang maging malinaw ang konsepto at wasto ang pagtukoy sa bawat sangkap ng tula nang sa gayon ay maunawaan nang mas

malalim ang nilalaman ng akda at lalong pahalagahan ang sariling panitikan.

#### **Diwa**

Sa bahaging ito ay sinuri ang kaisipang nakapaloob sa mga nagwaging Siday. Ang diwa o pangunahing kaisipan ay ang nilalaman ng siday na nagpapahayag sa kabuuan nito at binubuo lamang ng isa o dalawang pangungusap.

Bawat tula, anuman ang uri nito ay nagtataglay ng kaisipan o diwa. Ang pangunahing ideya o kaisipan ayon kay Mag-atas et al. [ 9] , ay ang pinaka-esensiya at sustansya na maaaring mapiga ng mambabasa mula sa isang sulatin. Ito ay maikasing pahayag na binubuo lamang ng isa o dalawang pangungusap. Nakapaloob sa diwa ang laman at bigat ng akda na nais ipaabot sa mambabasa. at ito ang nagsisilbing pinakakalamnan ng isang obra. Sa kasalukuyang pag-aaral, bahagi ng pagsusuri sa mga nagwaging Siday ay ang pagtukoy sa diwa o kaisipang nakapaloob sa mga ito sa pamamagitan ng pag-iisa-isa at pagbusisi sa mga akda.

Sa sampung nagwaging Siday na sinuri, nabatid na bawat Siday ay naglalahad ng sariling kaisipan o diwa. Ang unang Siday na may pamagat na “An Maupay ha mga Waray” ay nagtataglay ng diwang ang mga Waray ay mapamaraan at mahilig sa kasiyahan samantala ang Siday na pinamagatang “Salin” ay kinapapalooban ng diwang pagkayamot ng persona at ayaw niyang dalhan pa siya ng kahit na ano kung ito lang naman ay tira. Ang diwang nakapaloob naman sa Siday na “Pamisita” ay ang pagbisita ng binata sa kanyang nobya na nasa kabaong na habang ang Siday na ““Pagnguyngoy han Dughan” ay nalalaman ng diwang labis na pagdaramdam ng binata sa pagkabigo niya sa pag-ibig.

Samantala, ang Siday na “Kapaitan” ay nagtataglay ng diwa kaugnay sa iba’t ibang uri ng pait na nararanasan sa buhay at tungkol naman sa pag-aasam ng binata na malanghap ang hininga ng kanyang sinisinta samantala ang Siday na pinamagatang “Ikaw, Haiyan” ay nagpapahayag tungkol sa mga naganap noong bagyong Haiyan sa buhay ng mga tao. Tungkol naman sa kahirapang nararanasan sa paggawa ng duyan ang nilalaman ng Siday na “Para han Naglara han Akun Duyan” habang ang Siday na “Panamilit” ay naglalahad ng diwa kaugnay sa pag-alis upang makipagsapalaran sa buhay at ang huling Siday na pinamagatang “Ayaw Pagpudla an Tuog” ay tungkol sa tagubilin na hindi putulin ang Tuog dahil may nakatirang ibang nilalang.

Kung gayon, masasabing ang sampung nagwaging Siday ay naglalaman ng iba't ibang diwa tulad ng pagiging mapamaraan at mahilig sa kasiyahan ng mga Waray; ang pagkayamot ng maybahay at ayaw niyang dalhan pa siya ng kahit na anong tira; ang pagbisita ng binata sa kanyang nobya na nasa kabaong na; ang labis na pagdaramdam ng binata sa pagkabigo niya sa pag-ibig; ang iba't ibang uri ng pait na nararanasan sa buhay; ang pag-asam ng binata na malanghap ang hininga ng kanyang sinisinta; ang mga naganap noong bagyong Haiyan sa buhay ng mga tao; ang kahirapang nararanasan sa paggawa ng duyan; ang pag-alis upang makipagsapalaran sa buhay, at ang tagubilin na hindi putulin ang Tuog dahil may nakatirang kakaiba. Magkakaiba ang diwang nakapaloob sa bawat Siday.

Ang pagtukoy sa diwang nakapaloob sa mga nagwaging Siday sa Leyte at Samar ay nakapagbibigay ng higit na pag-unawa sa nilalaman nito at naipakikita ang kagandahang taglay ng mga tula. Sa pamamagitan nito, lalong tinatangkilik ang akda at nagsisilbing inspirasyon sa mga baguhang manunulat na kumatha ng mga bagong obra. Sa pagtuturo, kapag lubos na naiintindihan ang paksang tinatalakay at epektibo ang estratehiyang ginamit ng guro, nagigising ang interes ng mga mag-aaral at aktibo silang sumasali sa anumang gawain kaya masaya ang talakayan at natitiyak ang pagkaunawa sa bawat aralin.

### **Estilo**

Ang bawat makata ay may sariling estilo sa pagkatha ng obra. Inilahad ni Cassanova et al. [10], ang iba't ibang estilo sa pagsulat tulad ng panarili ang himig, kombersesyonal, sarkastiko, nagsisimula sa tanong at nagtatapos sa tanong, paninging panarili at paninging obhektibo. Ang estilong panarili ay may himig na nakikipag-usap at nakikipag-bonding. Nagiging magaan at madulas ang paglalahad tungkol sa mabigat na paksa samantala ang estilong kombersesyonal o iyong parang nakikipag-usap ang nagsusulat sa mambabasa. Magaan ang pagpapahayag na parang kaharap ang mambabasa. Ang estilong sarkastiko naman ay may himig na panunuya, pagbibiro, panunudyo, pang-iinis, pambibira at pananaray. May mga sulatin namang nagsisimula sa tanong at natatapos din sa tanong. Ang pagtatanong ay retorikal. Samantala, ang paninging panarili ay nagaganap sa paggamit ng daloy ng kamalayan ng nagsusulat. Siya'y nakatingin sa iisang tauhan lamang na ang isipan at damdamin ay inilalarawan ng nagsusulat. Sa paninging

obhektibo naman, ang mga pangyayari ay ipinahahayag ng nagsusulat sa pamamagitan ng pagmamasid lamang. Samantalang sa paraang laguman ay pinagsama-sama ang paninging panarili at paninging obhektibo.

Ang estilo ay tumutukoy sa kung paano isinulat ng makata ang siday, kung panarili o kombersesyonal. Ang estilong panarili ay tila nagsasalaysay ang makata at nakikipag-*bonding* lamang. Gumagamit ito ng panghalip na ko at ako na ang tinutukoy ay ang kanyang sarili. Nakasentro sa makata ng siday ang paglalahad. Samantala, ang estilong kombersesyonal ay parang nakikipag-usap lamang ang makata sa mambabasa. Napatunayan sa pagsusuri na ang sampung nagwaging Siday ay ginamitan ng iba't ibang estilo sa pagsulat ng bawat makata. Ang mga nagwaging Siday na may pamagat na "An Maupay ha mga Waray", "Pamisita", "Kapaitan", "An Imo Ginanghaw", at "Panamilit ay ginamitan ng estilong Panarili. Samantala, estilong Kombersesyonal naman ang ginamit na estilo sa pagsulat ng mga Siday na pinamagatang "Salin", "Panguyngoy han Dughan", "Ikaw, Haiyan", "Para han mga Tudlo nga Naglara Hinin Akun Duyan", at "Ayaw Pagpuvla An Tuog".

Batay sa resulta ng pag-aaral, napag-alaman na sa sampung nagwaging Siday na sinuri, lima ang may estilong Panarili, at lima rin ang ginamitan ng estilong Kombersesyonal. Samakatwid, masasabing ang sampung nagwaging Siday ay ginamitan ng estilong Panarili at Kombersesyonal.

Ang pagtukoy sa estilong ginamit ng mga manunulat sa pagkatha ng mga nagwaging Siday ay isang kahingian para sa makabuluhang pagsusuri sa pag-aaral na ito bilang paraan sa pagtuklas ng dahilan kung bakit nanalo ang sampung Siday sa iba't ibang patimpalak, lokal man, rehiyunal o pambansa. Makapagbibigay din ng kaalaman at magsisilbing gabay sa mga magnanais na magsulat ang pag-alam sa estilo ng makata.

### **Tayutay**

Bahagi rin sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa mga tayutay na makikita sa Talahanayan 1 at ang pagtukoy sa bahagi ng saknong kung saan ito matatagpuan. Ang mga tayutay ayon kay Garcia et al. [11], ay mga matalinghagang pahayag na ginagamit upang maging mas magaan o makulay ang mga pahayag. Ginagamit ang mga pahayag na ito upang ilarawan ang isang bagay sa mas magaan at masining na pamamaraan. Ang tayutay ay malalim at matalinghagang kaisipan na

ginagamit upang maging makulay at masining ang pahayag. Ito ay nauuri bilang pagtutulad, Alegorya, Pagmamalabis, Personipikasyon, Pasukdol, Pagsalungat at Pag-uulit. Mula sa sampung nagwaging Siday, tatlo ang nagtataglay ng tayutay na Pagmamalabis, dalawa ang kinapapalooban ng Pagtutulad at ang huling limang Siday ay naglalaman ng tig-iisang tayutay tulad ng Alegorya, Personipikasyon, Pasukdol, Pagsalungat at Pag-uulit. Kung gayon, masasabing ang sampung nagwaging Siday ay kinapapalooban ng mga tayutay tulad ng Pagmamalabis, Pagtutulad, Alegorya, Personipikasyon, Pasukdol, Pagsalungat at Pag-uulit.

Ang pagtukoy sa mga tayutay sa tula ay isang paraan sa pagbatid ng talinghaga at sining ng pagpapahayag ng makata. Malaki ang naitutulong ng mga tayutay sa pagpapaganda ng tula at pagkubli sa tunay na kahulugan na nais ipahayag ng makata. Sa pamamagitan ng paggamit ng tayutay, nakukuha ang atensyon ng mambabasa na basahin ang akda at nahahamon din ang yaman ng kanyang bokabularyo at lalim sa pagbibigay ng interpretasyon.

**Kulturang Waraynon**

Ang kulturang Waraynon ay ang mga kulturang makikita sa loob ng Siday na sumasalamin o nagpapakilala sa mga Waray. Ang kultura ay kabuuan o kalipunan ng mga ideya, sangkap, ekspresyong materyal, mga hangarin o pagpapahalaga na bumubuo o nagbibigay-buhay at kakanyahan sa isang pangkat o kumunidad ng tao.

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang sampung nagwaging Siday at ang kulturang nakapaloob sa bawat isa na naglalarawan at nagpapakilala sa mga Waray. Kabilang din ang pagbanggit sa saknong na kinapapalooban ng tinutukoy na pagkakakilanlan.

Tunay makikilala ang mga Waray sa iba't ibang kulturang nakapaloob sa mga Siday. Ang unang Siday na pinamagatang “An Maupay ha mga Waray” ay nagtataglay ng kultura na pagiging mahilig sa kasiyahan ng mga Waray samantala mahilig magdala ng tirang pagkain naman ang kulturang nakapaloob sa Siday na “Salin”. Ang Siday naman na “Pamisita” ay naglalaman ng kultura na pagbisita sa kasintahan habang maramdamin naman ang kulturang taglay ng Siday na “Pagnguyngoy han Dughan”. Samantala, ang Siday na “Kapaitan” ay naglalaman ng kultura na sakripisyo at ang Siday na “An Imo Ginanghaw” ay sumasalamin sa kultura ng mga Waray na mapangarapin.

**Talahanayan 2**

**Mga Kulturang Waraynon na Nakapaloob sa mga Siday**

Mga Siday	Kultura	Bahagi ng Saknong
1. An Maupay han mga Waray	Mahilig sa kasiyahan	Kun hinuhubsan inin akon dughan sugad hiton medyahan, dayon ko ini inaalgan didto kanda Mana Semang (Mana Semang, ilista la anay.)
2. Salin	Mahilig magdala ng tiring Pagkain	Pagmata ko linakat ka na Didto ha lamesa ginpaso, in-upay paglatagpagkaon para han ak' May upod pa gud nga bukad nga <i>plastic</i> , urat nangangaro hin pasaylo.
3. Pamisita	Pagbisita sa kasintahan	Pag-abot ha balay han ak inggis, Ginhatag an bukad, Ginsaygan katiupay, An iya buhok, An iya mata, An iya irong, An iya im-i An iya bado.
4. Pagnguyngoy gihap' ako Han	Maramdamin Dughan	Kun lugaring man lanaton mo la mahalangit man o imperno Kun tinuod man an gugma mo lusara ha tuna ngan ilubong mo an balon nga kapakyas ko ha imo.
5. Kapaitan	Sakripisyo	Oo, iilubon ko it tanan Nga kapaitan bis pa hira Pagtirimpuhon basta Ha baba la paagihon.
6. An Imo Ginanghaw	Mapangarapin	Unta, an nagawas nga hangin tikang ha imo irong mahinggot ko liwat para ako makasaro hin butang nga tikang ha imo dughan.
7. Ikaw Haiyan	Bukas sa pagbabago	Diri nala kami mapakiana kon kay ano nga kumanhi ka man.
8. Para han mga Tudlo nga naglara hinin	Pagmamalasakit	Napilasan ka, nasamaran Akun Duyan ha paglara han uway samtang ako didi hini nga duyan, “Hay, kaupay!”
9. Panamilit	Pakikipagsapalaran	amo nga mapadayon ako ngadto ha kahigrayoan mamimiling hin bag-o nga mga nawong hamot pitik han dughan.
10. Ayaw Pagpudla an Tuog	Pagpapahalaga sa	Ayaw pagpasipara pagpudol sa Tuog  Tagubilin Dida sa igbaw san sapa kay tugon ni apoy nga ito atamanon sugad san iya saad San naistar nga diri sugad sa aton.

Inilalarawan naman ng siday na “Ikaw, Haiyan” ang mga Waraynon. bilang bukas sa pagbabago. Ang Siday na “Para han mga Tudlo nga Naglara Hinin Akun Duyan” ay sumasalamin sa kultura ng pagmamalasakit. Pakikipagsapalaran naman ang taglay na kultura ng siday



na “Panamilit” at ang huling Siday na pinamagatang “Ayaw Pagpuḁla an Tuog” ay sumasalamin sa kultura na pagpapahalaga sa tagubilin. Samakatwid, masasabing ang sampung nagwaging Siday ay nagtataglay ng iba’t ibang kultura tulad ng pagiging mahilig sa kasiyahan, mahilig magdala ng tiring pagkain, pagbisita sa kasintahan, maramdamin, sakripisyo, mapangarapin, bukas sa pagbabago, pagmamalasakit, pakikipagsapalaran, at pagpapahalaga sa tagubilin. Magkakaiba man ang taglay na kultura ng bawat Siday ngunit ang lahat ng mga ito ay nagpapakilala sa mga Waray.

Bawat siday na kinatha ay nagtataglay ng wika na kakikitaan ng kultura. Ayon kay Taylan et al. [12], ang kultura at wika ay magkabuhol dahil sinasalamin nito ang paraan ng pamumuhay ng mga tao. Nahihinuha ang kulturang kinabibilangan ng mga tao sa kanilang wikang ginagamit. Paliwanag pa ni Hornedo [13], ang kultura ay kabuuan o kalipunan ng mga ideya, sangkap, ekspresyong materyal, mga hangarin o pagpapahalaga na bumubuo o nagbibigay-buhay at kakanyahan sa isang pangkat o kumunidad ng tao. Masasalamin sa kultura ang uri ng pamumuhay mayroon ang isang pangkat gayundin ang pangkalahatang layunin at adhikain sa buhay na nagbibigkis sa kanila upang patuloy na magkaisa at magsama-sama sa anumang kilos at nakasanayang gawin bilang mga mamamayan na bumubuo sa isang lipunan at patuloy na bumubuo at nagpapakita ng sariling pagkakakilanlan. Ang mga nagwaging Siday na siyang sentro sa pag-aaral na ito ay tiyak kinapapalooban din ng iba’t ibang kultura na nagpapakilala sa mga Waray bilang pangkat ng mga mamamayan sa Rehiyon 8. Bahagi sa pagkamit ng layunin sa pag-aaral na ito ang pagbatid sa kulturang taglay ng mga nagwaging Siday sa Leyte at Samar.

Ang pag-alam sa kultura ng isang lugar ay pagbibigay ng pagkakataon na makilala ang mga taong naninirahan dito. Binanggit nina Rubin et al. [14], ang kultura ay kabuuan ng isip, gawi, damdamin kaalaman, karanasan na nagtatakda ng pagkakakilanlan ng isang kalipunan ng tao. Sa kultura masasalamin ang kaugalian at nakasanayang gawain ng mga tao na bumubuo sa kanilang pagkatao at kalaunan ay nagiging identidad at pagkakakilanlan ng lipunan. Ang mga katangiang ipinamamalas ng mga Waray sa araw-araw nilang buhay ay nagiging bahagi ng kultura tulad ng mahilig sa kasiyahan, mahilig magdala ng tirang pagkain,

maramdamin at iba pang kultura na makikita sa mga nagwaging Siday. May kaugnayan ang kinalabasang ito sa pagtuturo sapagkat ang pagbatid sa kultura ng isang tao ay katulad ng pag-alam ng guro sa katangian at pagkatao ng kanyang mga mag-aaral. Upang maging madali ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto ay mainam na alamin ng guro ang kanyang mga mag-aaral, ang kanilang pinagmulan, pamumuhay at kultura sa kabuuan. Kapag kilala ng guro at mag-aaral ang isa’t isa, nagkakaroon ng magandang *rapport* ang klase dahilang upang maipahayag nang maayos ang ideya at madaling maiugnay sa sariling buhay o karanasan ang sitwasyon. Sa paraang ito, mas maiintindihan nang lubos ang araling tinatalakay at maikikintal sa isipan at maitatatak sa puso.

### **NATUKLASAN**

Sa pagsusuri sa sampung nagwaging siday, karamihan sa uri ng tula ay tulang liriko o tula ng damdamin at sinundan ng tulang pangkalikasan. Sa diwa naman, ay nagpapakita na ang mga Waray ay mapamaraan at mahilig sa kasiyahan, nagpapahayag ng damdamin at kinapapalooban ng karanasan ng mga tao sa pang-araw-araw na buhay. Ang estilong ginamit ng makata ay parehong nanguna ang panarili at kombersesyonal. Samantalang sa tayutay ay nanguna ang pagmamalabis, pangalawa ang pagtutulad na sinundan ng alegorya, personipikasyon, pasukdol, pagsalungat at pag-uulit. Mayaman sa kultura ang mga Waray gaya ng mahilig sa kasiyahan, mahilig magdala ng tirang pagkain, pagbisita sa kasintahan, maramdamin, sakripisyo, mapangarapin, bukas sa pagbabago, pagmamalasakit, pakikipagsapalaran at pagpapahalaga sa tagubilin.

### **KONGKLUSYON**

Ang mga nagwaging siday ay nagtataglay ng sangkap gaya ng uri na karamihan ay tulang liriko o tula ng damdamin na naglalahad ng nararandaman, kinapapalooban ng iba’t ibang diwa ay nakabatay sa mga karanasan sa buhay, ang estilong panarili at kombersesyonal ang ginamit dahil naayon sa pansariling karanasan, naglalaman ng iba’t ibang uri ng tayutay, at hitik sa kulturang Waraynon na nagpapakita ng mga natatanging kaugalian ng mga Waraynon.

### **REKOMENDASYON**

Bunga ng isinagawang pag-aaral ay inirerekomenda ang sumusunod: Gamitin ang sampung

nagwaging Siday bilang halimbawa ng Tulang Liriko sa pagtuturo ng mga uri ng tula, gawing lunsaran sa pagtukoy ng diwa at kulturang nakapaloob sa tula ang mga nagwaging Siday at magsagawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa tayutay at estilo ng makata sa pagkatha ng maikling kwento, gawing gabay ang ginamit na padron sa pagsusuri sa mga salita batay sa morpema, kayarian ng salita, kahulugan at bahagi ng pananalita gamit ang ibang genre ng panitika, gamitin ang sariling panitikan bilang hulwaran sa pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino bilang daan sa pagpapaunlad ng kakayahan at paghahasa sa kasanayan ng mga mag-aaral tungo sa mas malalim na pag-unawa, magsagawa ng mga pagsusuri ng maikling kwentong Waraynon at pagsipat ng mga di-nalathalang kwentong bayan.

### **Sanggunian**

- [1] Bogel, F. (2013). *New formalist criticism: Theory and practice*. Springer.
- [2] Abuyen, T. A. (2000). *Diksyunaryo Waray-Waray [Visaya] English- Tagalog*. Kalayaan Press Mktg. Ent., Inc. Quezon City.
- [3] Romualdez, N. L. (2014). *Filipino life and culture and other essays (Buhay at kulturang Filipino at ibang mga sanaysay)*. San Miguel Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- [4] Abadiano, M.N. (2016). *Research in daily life 1: Qualitative research method*. Cronica Book Haus.
- [5] Kerlinger, F.N. (1973). *Foundations of behavioral research*. New York: Holt. Rinehart and Winston.
- [6] Aurillo, G. Q. (1976). *Leyte Samar Studies*.
- [7] Nibalvos, I. M. P. (2018). An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan. *Malay*, 31(1).
- [8] Cruzada, E. (2010). Syahan nga hiwat, An namagdaug han syahan nga pasidungog Eduardo A. Makabenta, Sr. para han siday.
- [9] Mag-atas, R.et.al. (2008). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Manila: Booklore Publishing Corporation
- [10] Cassanova, A.R. & Rubin, L.T. (2001). *Retorikang pangkolehiyo*. Sampaloc Manila: Rex Bookstore, Inc.
- [11] Garcia, F.A. & Festin, R.P. (2017). *Malikhaing pagsulat*. Manila Rex Bookstore.
- [12] Taylan, R. et.al (2019). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino*. Manila: Rex Bookstore
- [13] Hornedo F.H. (2004). *Literatura, guro, bansa*. Manila: UST Publishing House.
- [14] Rubin, L. T.et.al. (2001). *Panitikan sa Pilipinas*. Unang Edisyon. Ouezon City: Rex Bookstore, Inc.

### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).